

Early Learning for All (ELFA) Sertipikasyon ng Pamilya para sa Pagiging Kuwalipikado sa Pagpopondo nang Buo o Tuition Credit ng ELFA

Habang nagpapatala ang inyong programa ng mga bata para sa **taon ng programa 2024-25**, inaatasan ng Department of Early Childhood (DEC) ng San Francisco ang mga programang pinopondohan ng ELFA na ilapat ang mga sumusunod na alituntunin upang bigyang-prioridad ang mga pagpapatala at tukuyin ang pagiging kuwalipikado para sa lahat ng espasyong Pinopondohan nang Buo at pinopondohan ng Tuition Credit ng ELFA (ibig sabihin, MRA).

MGA TAGUBILIN: Gamitin ang **Seksyon I** upang tukuyin ang pagbibigay-prioridad sa pagpapatala, **Seksyon II at III** upang i-verify ang pagiging kuwalipikado ng kita at tukuyin ang paninirahan sa San Francisco, at **Seksyon IV at V** para sa impormasyon ng pamilya at lagda.

Mga Naaangkop na Uri ng Pagpapatala: Pinopondohan nang Buo at pinopondohan ng Tuition Credit ng ELFA

I. MGA PRIYORIDAD NA PAGPAPATALA

Kapag nagpapatala ng mga pamilya sa mga espasyong Pinopondohan nang Buo at/o pinopondohan ng Tuition Credit ng ELFA, binibigyang-prioridad para sa pagpapatala ang mga pamilya sa Unang Kategoriya bago magpatala ng mga pamilya sa Pangalawang Kategoriya.

UNANG KATEGORIYA (Unang Priyoridad)

Inaatasan ng DEC ang mga programang kuwalipikado sa ELFA na gamitin ang mga sumusunod na priyoridad para sa mga pagpapatalang pinopondohan ng ELFA:

- Mga batang kliyente ng Family and Children's Services (FCS) o nasa panganib ng pang-aabuso, kapabayaang, o pananamantala
- Mga batang kuwalipikado sa pamamagitan ng Emergency Child Care Bridge Program for Foster Children
- Mga batang walang tirahan
- Mga anak ng mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan

PANGALAWANG KATEGORIYA (Pangalawang Priyoridad)

Dapat ibigay ang pangalawang priyoridad para sa pagpapatala sa mga pamilyang may pinakamababang kita (at pinakamatagal na sa listahan, kung naaangkop).

II. PAGIGING KUWALIPIKADO NG KITA PARA SA MGA PAGPAPATALANG PINOPONDOHAN NANG BUO AT PINOPONDOHAN NG TUITION CREDIT NG ELFA

Kuwalipikado ang pamilya para sa espasyong Pinopondohan nang Buo ng ELFA dahil ang kita ng kanilang pamilya ay 0% hanggang 110% ng Area Median Income (AMI), o kuwalipikado ang pamilya para sa espasyong pinopondohan ng Tuition Credit ng ELFA dahil ang kita ng kanilang pamilya ay lampas 110% AMI, ngunit nasa o mas mababa sa 150% AMI.

**Early Learning for All (ELFA) Sertipikasyon ng Pamilya para sa Pagiging
Kuwalipikado sa Pagpopondo nang Buo o Tuition Credit ng ELFA**

PINOPONDOHAN NANG BUO – LIMITASYON NG PAGIGING KUWALIPIKADO NG KITA NG PAMILYA (110% NG AMI)						
Laki ng Pamilya 1 o 2	Laki ng Pamilya 3	Laki ng Pamilya 4	Laki ng Pamilya 5	Laki ng Pamilya 6	Laki ng Pamilya 7	Laki ng Pamilya 8 o higit pa
\$10,992	\$12,363	\$13,738	\$14,838	\$15,938	\$17,033	\$18,133
PINOPONDOHAN NG TUITION CREDIT – LIMITASYON NG PAGIGING KUWALIPIKADO NG KITA NG PAMILYA (150% AMI)						
Laki ng Pamilya 1 o 2	Laki ng Pamilya 3	Laki ng Pamilya 4	Laki ng Pamilya 5	Laki ng Pamilya 6	Laki ng Pamilya 7	Laki ng Pamilya 8 o higit pa
\$14,988	\$16,858	\$18,733	\$20,233	\$21,733	\$23,225	\$24,725
Ipinapakita ng nasa itaas ang MAXIMUM na halaga na maaaring kitain ng isang pamilya upang matukoy na kuwalipikado para sa pagpopondo ng ELFA						
Pagtukoy sa Laki ng Pamilya:						
Ang ibig sabihin ng “laki ng pamilya” ay ang bilang ng mga taong bumubuo sa isang “pamilya” ayon sa tinutukoy ng bilang ng mga dependent na anak at mga magulang na nakatira sa sambayanan.						
Pagtukoy sa Kita:						
Dapat isadokumento ng mga tagabigay ang “kabuuang nabibilang na kita” ng isang pamilya para matukoy ang pagiging kuwalipikado sa pagpopondo ng ELFA. Ang lahat ng indibidwal na kabilang sa laki ng pamilya ay dapat magsumite ng patunay ng kita, gamit ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na dokumento/impormasyon:						
<ol style="list-style-type: none"> Mga kabuuang sahod o suweldo (hal., mga pay stub, W2, tax return) Kabuuang kita mula sa pagiging self-employed Kompensasyon para sa kapansanan o kawalan ng trabaho Kompensasyon ng manggagawa 			<ol style="list-style-type: none"> Suporta galing sa asawa Kita sa pagpapauapa Mga bayad mula sa grant para sa foster care Tulong na pera 			
Pagtukoy sa Paninirahan sa San Francisco:						
Upang maging kuwalipikado para sa pagpopondo sa ELFA, ang mga pamilya ay dapat may kuwalipikadong kita at naninirahan sa San Francisco. Ang pagsasadokumento ng paninirahan ay dapat gawin sa pamamagitan ng pagkuha ng, ngunit hindi ito limitado sa, mga sumusunod na dokumento/impormasyon:						
<ol style="list-style-type: none"> Kasunduan sa pag-upa Utility bill Bill ng telepono 			<ol style="list-style-type: none"> Paystub kung saan nakalista ang tirahan ng magulang Iba pang dokumentong nagsasaad ng paninirahan sa San Francisco 			

**Early Learning for All (ELFA) Sertipikasyon ng Pamilya para sa Pagiging
Kuwalipikado sa Pagpopondo nang Buo o Tuition Credit ng ELFA**

III. NAPATUNAYANG LAKI NG PAMILYA, KITA, PAGIGING KUWALIPIKADO SA PROGRAMA, HALAGA NG TUITION CREDIT

Laki ng Pamilya:

Kabuuang Kita:

Pagiging Kuwalipikado sa Programa ng Napiling Pamilya (Pumili lang ng isang kategorya)

Kuwalipikado para sa Pagpopondo nang Buo (0%-110% AMI)	
Kuwalipikado para sa Tuition Credit (110+% - 150% AMI)	
*Kuwalipikado para sa Tuition Credit (Lampas 150% AMI, mga 4 na taong gulang lang)	

*Para lang sa Piskal na Taon 2024-2025, kung lalampas sa 150% ang kita ng pamilya at dumadalo sila sa isang programang dating pinopondohan ng PFA, kuwalipikado ang kanilang 4 na taong gulang para sa Tuition Credit ng ELFA, magkano man ang kita ng pamilya.

Para Lang sa mga Pagpapatala gamit ang Tuition Credit:

	Ilagay ang Buwanang Rate ng Tuition ng Tagabigay*	Buwanang Halaga ng Tuition Credit ng ELFA	Ilagay ang Kabuuang Buwanang Bayad ng Magulang
Sanggol		\$1,514	
Toddler		\$1,153	
Preschool		\$1,058	

*Ang tagabigay ay posibleng hindi maningil sa mga pamilyang nakakatanggap ng Tuition Credit ng ELFA ng mas mataas na rate kaysa sa iba pang pribadong nagbabayad na pamilya na nakatala sa programa. Dapat ilapat ang credit sa nakalathalang rate ng tagabigay.

IV. MGA HALAGA NG PAGPOPONDO SA PAGPAPATALA SA FY 2024-2025

Nasa ibaba ang mga halaga ng pagpopondo na Pinopondohan nang Buo o Tuition Credit ng ELFA na maaaring matanggap ng kuwalipikadong pamilya

	Sanggol	Toddler	Preschool
Pinopondohan nang Buo ng ELFA (Buwanan)	\$3,027	\$2,306	\$2,115
Tuition Credit ng ELFA (Buwanan)	\$1,514	\$1,153	\$1,058

**Early Learning for All (ELFA) Sertipikasyon ng Pamilya para sa Pagiging
Kuwalipikado sa Pagpopondo nang Buo o Tuition Credit ng ELFA**

V. IMPORMASYON NG PAMILYA

Makukuha ang pagpopondo ng Early Learning for All ng lahat ng residente ng San Francisco na may kuwalipikadong kita at may mga anak na edad 0-5

PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA	PANGALAN NG BATA	*PETA NG KAPANAKANAN NG BATA

*Kung lampas 150% AMI ang kita ng pamilya, at nagpapatata ito sa isang dating pinopondohang programa ng PFA, ang bata ay dapat ipinanganak mula 9/2/2019 – 12/2/2020 upang makatanggap siya ng Tuition Credit ng ELFA. Kung hindi, dapat nasa o mas mababa sa 150% ang kita ng pamilya upang maging kuwalipikado para sa pagpopondo ng ELFA.

VI. LAGDA NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA

Inihahayag ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na ang impormasyon ng pamilya at kita na ibinigay sa itaas ay totoo at tama. Nauunawaan ko na hindi pa ako opisyal na naaaprubahan para sa mga serbisyo hangga't hindi ako naaabisuhan ng Center na naitala na sa programa ang (mga) anak ko.

Lagda ng Magulang: _____ Petsa: _____

Inihahayag ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na ang impormasyon ng pamilya at kita na ibinigay sa itaas ay totoo at tama ayon sa na-verify ng lumagda (ibig sabihin, ang kinatawan ng tagabigay) sa ibaba.

Lagda ng Magulang: _____ Petsa: _____

Early Learning for All (ELFA)

Sertipikasyon ng Pamilya para sa Pagiging Kuwalipikado sa Pagpopondo nang Buo o Tuition Credit ng ELFA

Mga Tanong at Sagot:

Ano ang pagpapatalang Pinopondohan nang Buo o pinopondohan ng Tuition Credit ng ELFA?

Pinopondohan ng DEC ang mga kuwalipikadong center ng Early Learning for All (ELFA) sa pamamagitan ng Maximum Reimbursable Amount (MRA) upang makapagbigay ng mga pagpapatalang pinopondohan nang buo pati na rin ng mga tuition credit para sa mga kuwalipikadong pamilya upang masuportahan ang pagpapatala ng mga batang edad 0-5 na taga-San Francisco sa mga de-kalidad na serbisyo sa maagang edukasyon.

Kuwalipikado ba para sa Tuition Credit ng ELFA ang mga pamilyang kumikita nang lampas 150% AMI?

Sa pangkalahatan, hindi. Ngunit para sa mga center na dating pinopondohan ng PFA at para lang sa Piskal na Taon 2024-2025, ang mga batang nakatala sa mga programang iyon na mula 9/2/2019-12/2/2020 ang kaarawan ay kuwalipikado para sa Tuition Credit ng ELFA. Ang pagpopondong ito ay para sa pagsuporta sa mga pamilyang nagplanong dumalo sa isang programang dating pinopondohan ng Preschool for All (PFA) at nakakatanggap ng tuition credit sa pamamagitan ng PFA, na naging Early Learning for All na ngayon. Ang pagpopondong ito ay para lang sa piskal na taon 2024-2025, at pagkatapos nito, hindi na magiging kuwalipikado para sa anumang pagpapatalang pinopondohan ng ELFA ang mga pamilyang lampas 150% AMI ang kita.

Ano ang mga Bayarin ng Pamilya, at maniningil ba kami nito?

Ang bayarin ng pamilya ay ang bahagi ng mga gastusin sa pangangalaga at edukasyon na direktang binabayaran ng isang pamilya sa programa. Alinsunod sa mga alituntunin ng Estado para sa mga bayarin ng pamilya, dapat itakda ng mga programang pinopondohan ng MRA ng ELFA ang mga Bayarin ng Pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng simpleng formula ng kabuuang kita ng pamilya at laki ng pamilya. Ang bayarin ng pamilya ay gastusin kada pamilya, hindi bayarin kada bata. *Sinasagot ng DEC ang gastusin sa mga bayarin ng pamilya, kung kaya ng pagpopondo, para sa lahat ng pamilyang nakakatanggap ng suporta sa pagpapatala mula sa estado at lokal sa pamamagitan ng system ng Early Learning for All (ELFA). Samakatwid, pinagbabawalan ang mga tagabigay na mangolekta ng mga bayarin ng pamilya mula sa mga pamilyang ito na sinusuportahan ng ELFA. Nakalaan sa DEC ang karapatang baqihin o kanselahin ang patakarang ito anumang oras.*

Maaari ba kaming maningil ng “co-pay” o mga bayarin sa pagpapatala o iba pang karagdagang bayarin na hiwalay sa pagpopondo ng ELFA?

Hindi. Kapag naging kuwalipikado sa ELFA ang mga programa, sumasang-ayon sila, alinsunod sa kanilang Kasunduan sa Paglahok, na tanggapin ang halaga ng tuition na Pinopondohan nang Buo ng ELFA bilang bayad sa buong halaga ng tuition para sa taon ng programa. Wala nang ibang maaaring singilin sa pamilya.

Kinakailangan ba naming mangolekta ng dokumentasyon para patunayan ang laki ng pamilya, kita, at panirahan?

Oo, para sa mga pagpapatalang pinopondohan ng MRA. Ang mga programang pinopondohan ng MRA ay dapat magpanatili ng kopya ng patunay ng panirahan, laki ng pamilya, at kita sa file ng bawat bata. Para sa mga pamilyang pinopondohan ng voucher ng Estado at ELFA, ang Children's Council of San Francisco at Wu Yee Children Services (ibig sabihin, ang mga ISA) ay kukuha at magpapanatili ng patunay ng pagiging kuwalipikado, kita, at panirahan para sa lahat ng pagpapatalang ginagamitan ng voucher ng Estado at ELFA.